



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-10 NG ENERO, 2019.

MGA DUMALO:

KGG. GILBERT T. GATCHALIAN

Pang. Punong Lungsod

Tagapangulo

Kasangguni

KGG. FRANCISCO J. CASTRO

"

KGG. NOEL G. PINEDA

"

KGG. EMMANUEL R. SACAY

"

KGG. ALMA A. GATCHALIAN

"

KGG. ENRICO C. CAPULE

"

KGG. MICHAEL M. AQUINO

"

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA

"

KGG. YOLANDA B. AZADA

"

KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.

"

KGG. DIONISIO C. MENDOZA

ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SK President

HINDI NAKADALO:

KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA

Kasangguni

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 02-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD SA NAULILANG PAMILYA AT KANAAN NG YUMAONG SI IGG. AVILINO 'SONNY' AVILA, DATING PUNONG BARANGAY NG SAN AGUSTIN, LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, si Igg. Avilino C. Avila, Animnapung taong gulang (60 years old), dating Punong Barangay ng San Agustin, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-08 ng Enero, 2019;

SAPAGKAT, lubos na nagdadalamhati ang kanyang maybahay na si Gng. Hermenia R. Avila, mga naulilang anak na sina Mariane, Avilino Jr. at Maricon, pati na rin ang kanyang ibang kaanak at mga mamamayan ng Barangay San Agustin;

SAPAGKAT, si Igg. Avila ay nagtala ng paglilingkurang publiko bilang dating bahagi ng Sangguniang Barangay ng San Agustin bilang Kagawad ng Barangay, naging Punong Barangay noong taong 1994 hanggang 1997 at naging bahagi rin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos bilang kawani;

SAPAGKAT, siya ay isang huwaring lingkod-bayan at naging saksi ang bawat isa sa atin sa kanyang katapatan, kasipagan at kagandahang-loob, mga katangiang hindi niya ipinagdamot hanggang sa huling yugto ng kanyang buhay;

SAPAGKAT, ang pagyao ni Igg. Avila ay nag-iwan sa atin ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat, patuloy na isusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang mabait at mapagmahal na lingkod bayan;


Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pakikiramay ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Christian D. Natividad, sa naulilang pamilya at kaanak ng yumaong si Igg. Avilino C. Avila, dating Punong Barangay ng San Agustin, Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.



KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI



KGG. NOEL G. PINEDA
KASANGGUNI



KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI



KGG. ALMA A. GATCHALIAN
KASANGGUNI



KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI




KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI



KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. YOLANDA B. AZADA
KASANGGUNI




KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.
KASANGGUNI

*KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA
KASANGGUNI




KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President



KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.



MA. ROSALIE SP. CRUZ
Local Legislative Staff Officer III
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:



INH. GILBERT T. GATCHALIAN
PANG. PUNONG LUNGSOD Tagapangulo

*hindi nakadalo

*Dhorie Trogo (SDC2)*011519